# *Pitak Filipino*

Ni Kap. Agustin L. Galang, NIG (17)

## NAGHAHANAP AT NAKAKIKITA

Ang lahat ng naghahanap ay nakakikita, ngunit hindi ang lahat, ay nakikita ang kanilang pinaghahanap. Maraming mga tao ang tumutuktok sa ating pinid na pintuan at nangatatanggap. Subali't ng nasaloob na ay hindi nila natagpuan ang kanilang pinakapipita. Marahil ay sila'y namalikmata o kung hindi ay mayroong hiduwang patakaran ang Masoneria. Tunay kaya ito? Iyan ang tanong ng isang Kapatid na Doktor ng nakaraang ilang taon na tumiwalag sa Kapatiran. Ang tunay na dahilan— ay hindi niya lubusang natamasa sa loob ng Masoneria ang ina-asam-asam niyang biyaya o pagtinging-Kapatid na ipinang-gaganyak ng ilan sa atin. Walang pangmalikmata ang Masoneria, gayon din, ang tubong makakamtan natin ay walang labis, walang kulang sa mabuting puhunang iniukol sa Masoneria. Ang dahilan ay nasa kanya. Mali ang paniniwala niyang manlamig man siya'y hindi manghihinawa ang mga Kapatid, tatangkilikin ang kanyang komersio, at maging sa gawang kasamaan siya'y tatangkilikin at di pababayaan. Sa kanyang isip, ang kanyang pagkakasapi ay isang garantiya na patuloy ang biyaya at pagkukupkop ng Kapatiran. Hindi niya natataho na ang buhay ng alin mang Kapisanan, ay nasasalalay sa tapat na pagtangkilik ng lahat at bawat isang kaanib, at ang kadakilaan ng isang Mason ay hindi nakikilala tinanggap niyang biyaya, kundi, sa lawak ng kanyang kawanggawa. Ang kapatid na nagsasamantala sa Kapatiran umalis man ay di dapat panghinayangan. Ang hanap niya ay pakinabang na material, samantalang ang Masoneria'y ispiritual ang iniaaral.

Ang nakita sa loob nang Kapatid na ito ay mahigpit na paghingi sa kanya ng mabuting pakikisama, pakikipagtulungan, walang pasubaling pagkakawang-gawa, at lubos na pagtupad sa mga dakilang simulain ng Kapatiran. Kailan ma't nagkulang siya o sumuay sa mga atas na iyan ay magmamaliw ang lahat ng pagtingin sa kanya ng Kapatiran.

Masugid at makasarili — ang taong hindi natagpuan sa loob ng Masoneria ang kanyang pinakananais, ay naglayag siya sa Mundong material. at dito niya natagpuan ang kayamanan, lakas, impluensia at karangalan. Sa kanyang pagsulong ay marami siyang naging kaibigan, na nagsaya't nagsamantala sa kanyang naidulot na mga tulong at biyaya. Nguni't kagaya ng isang naging matagumpay na pulitiko, ng maglaho na ang kanyang

Turn to page 30

C. DEL MUNDO REALTY

Member:

Manila Board of Realtors
Philippine Association of Real Estate Boards.

Specialists in.

Sales, Service, Brokerage, Sub-Divisions, Low-Cost Housing, etc.

Send inquiries to:

C. Del Mundo Realty
600 Rizal Ave., Manila — Tel. 3-24-31
1120 A. Mabini, Manila — Tel. 59-84-21



*Picture taken at monthly meeting of Malinaw Lodge No. 25 on Saturday, August 10, 1968 with Miss Karen Ann Frantti, American Field Service scholar, of Saint Cloud, Minnesota, as guest and speaker.*

*SEATED left to right: WB Amado Mabul, Grand Lodge inspector for Malinaw; VW Cirilo D. Constantino, past Deputy Grand Master, District 11; Miss Karen Ann Frantti, WB Rouben C. Belulia, Master; Miss Chita Sahagun — foster sister of Miss Frantti; VW Ricardo C. Buenafe, Deputy Grand Master for District 11.*


NOW ON SALE. . .

**Masonic Demeanor and Proper Decorum in Lodge Meetings** . . ₱1.00

Handbook prepared in answer to the demand of brethren for knowledge in the rules, regulations, laws, procedures, customs and traditions which guide Masons in the conduct of stated meetings and the performance of the rites and ceremonies of the Craft.

Other books and pamphlets

**Basic Instructions in Floor Work** . . . . . . . . . . . . . . . ₱1.00

**Installation Ceremonies in Subordinate Lodges** . . (In Pilipino) . . . . . . . . . . . . . . . 1.00

**Philippine Masonry by Kalaw** 3.50

Send your orders to:
PLARIDEL MASONIC SUPPLY SERVICE
1440 San Marcelino, Manila


**PITAK PILIPINO . . .** From page 26

impluensia at maubos ang kanyang kayamanan, ang dating mga kapanalig ay di man siya batiin sa daan. Ang gayon ay hindi dapat pagtakhan, pagkat ang hilig niya ay ang yaman, ligaya't karangalang *pang-katawan* na mayroong takdang hangganan, samantalang ang sa Masoneria'y ang *kabanalan* na ang gantingpala ay bendidsiong walang katapusan. △


G. O. SABAS
Jeweller

Maker of Masonic Emblems and Jewelry

D. R. ESCOSA
*Authorized Representative*

75 Sibuyan St., Sta. Mesa Heights
Quezon City Tel: 615998